


# Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 8: Wika sa Konteksto ng Radyo at Telebisyon



**Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino**  
**Alternative Delivery Mode**  
**Ikalawang Markahan – Modyul 8: Wika sa Konteksto ng Radyo at Telebisyon**  
**Unang Edisyon, 2021**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Ana Maria L. Josue  
**Editor:** Fritz M. Bahilango  
**Tagasuri:** Ernesto C. Caberte, Jr., Leilanie E. Vizarra, Imelda H. Aglibot,  
Edryne A. Amon, Gian Carlo C. Villagrancia  
**Tagaguhit:** Ronie C. Suinan  
**Tagalapat:** Jera Mae B. Cruzado, Julie Anne V. Vertudes  
**Tagapamahala:** Francis Cesar B. Bringas  
Job S. Zape, Jr.  
Ramonito O. Elumbaring  
Reicon C. Condes  
Elaine T. Balaogan  
Fe M. Ong-ongowan  
Rommel C. Bautista  
Galileo L. Go  
Randy D. Punzalan  
Elpidia B. Bergado  
Noel S. Ortega  
Maribeth C. Rieta

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Region 4A CALABARZON**

Office Address: Gate 2 Karangalan Village, Brgy. San Isidro, Cainta, Rizal  
Telefax: 02-8682-5773/8684-4914/8647-7487  
E-mail Address: lrmd.calabarzon@deped.gov.ph

Senior High School

**Komunikasyon  
at Pananaliksik sa Wika  
at Kulturang Pilipino  
Ikalawang Markahan – Modyul 8:  
Wika sa Konteksto ng Radyo at  
Telebisyon**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## ***Alamin***

Bilang isang manlalakbay, ikaw ay may pagdaraanang mga pagsubok na huhubog sa iyong kakayahan upang matamo ang sumusunod na kasanayan pagkatapos ng aralin.

### **Kasanayang Pampagkatuto:**

- Natutukoy ang angkop na mga salita at pangungusap ayon sa konteksto ng paksang napakinggan sa mga balita sa radyo at telebisyon. **(F11PN-IId-89)**

### **Layunin:**

- Nalalaman ang angkop na mga salita at pangungusap ayon sa konteksto sa nakalap na halimbawa ng mga balita sa radyo at programang pantelebisyon;
- Nakapagbibigay ng sariling saloobin at opinyon hinggil sa mga balitang panradyo at pantelebisyon na naging kontrobersiyal dahil sa ginamit na salita; at
- Nagagamit ang angkop na mga salita at pangungusap ayon sa konteksto.



## Subukin

Panuto: Basahing mabuti ang bawat katanungan o pahayag. Isulat ang titik ng piniling sagot sa iyong sagutang papel.

1. Ito ang wikang pambansa ng Pilipinas.
  - a. Espanyol
  - b. Filipino
  - c. Ingles
  - d. Sanskrit
  
2. Ito ay ang ebolusyon ng dating “*swardspeak*” at *gay lingo* na matagal nang palasak sa lipunang Pilipino.
  - a. Alibata
  - b. Baybayin
  - c. Bekimon
  - d. Jejemon
  
3. Sa pakikinig ng balita sa radyo o telebisyon, ano ang dapat isaalang-alang ng isang mahusay na tagapakinig?
  - a. Maging malawak ang kanyang pananaw.
  - b. Makabuo ng isang kuro-kuro.
  - c. May paninindigan sa mga isyung kanyang napakinggan sa radyo.
  - d. Susuriin nang mabuti ang nilalaman ng napakinggang balita sa radyo bago magbigay ng opinyon o kuro-kuro.
  
4. Mas kapani-paniwala ang paggamit ng mga salita sa pagbabalita kung ito’y binibigyan ng buhay ng mga tagapagdaloy ng programa.
  - a. *Broadcasting*
  - b. pagbasa
  - c. pagsasalaysay
  - d. pagsulat
  
5. Bakit kinakailangang maging mapanuri sa mga salitang ginagamit sa mga balita sa radyo at telebisyon?
  - a. para makaiwas sa mga kamaliang gramatikal
  - b. upang maiwasan ang di-tuwirang pagbibigay ng opinyon
  - c. para maging bukas ang isipan sa pagsusuri sa nilalaman ng mga balita bago humusga sa isyung pinag-uusapan at maiwasan ang kumakalat na *fake news*
  - d. upang maging alisto sa mga nangyayari sa paligid
  
6. Anong wika ang ginagamit sa ating bansa sa pagbabalita sa radyo?
  - a. Baybayin
  - b. Ingles
  - c. rehiyonal
  - d. Tagalog

7. Malawak ang impluwensiya nito sa madla na maaaring makalikha ng wikang posibleng magamit sa pang-araw-araw.
- a. magasin
  - b. pahayagan
  - c. radyo
  - d. telebisyon
8. Alin sa mga salita ang maaaring marinig sa nagbabalita kung ang paksa ay wika?
- a. arbitraryo
  - b. *download*
  - c. *menu*
  - d. *roller*
9. Pinag-uusapan sa balita ang *computer* at binanggit ang *virus*. Ano ang *virus*?
- a. bahagi ng *computer*
  - b. *malware* na sumisira sa sistema ng *computer*
  - c. organismo na nagdudulot ng sakit
  - d. nakahahawang sakit ng tao
10. Ayon sa balita, nagkaroon ng malawakang operasyon ang militar sa bansa. Ibigay ang ibig sabihin ng operasyon.
- a. ginawa sa negosyo
  - b. isinagawang plano
  - c. pagbiyak sa tiyan
  - d. usapan ng organisasyon
11. Ibinalita sa radyo na hinatulan na sa korte ang salarin. Ano ang korteng tinutukoy?
- a. hugis
  - b. hukuman
  - c. husgado
  - d. hustisya
12. Saan nakaayon ang mga salitang ginagamit sa pagbabalita sa radyo o telebisyon?
- a. paksa
  - b. sagot
  - c. tao
  - d. wika
13. Kailangan ang matamang pakikinig dito upang lubos na maintindihan ang sinasabi nang hindi nakikitang nagbabalita.
- a. Komiks
  - b. *Cellphone*
  - c. pahayagan
  - d. radyo
14. Mangyayari ito sa isyu kapag nagkamali ng gamit ng salita sa pagbabalita.
- a. pagtataluhan
  - b. pag-uusapan
  - c. pagkakaisahan
  - d. pagkakaguluhan
15. Ang nagbibigay-buhay sa pagbabalita sa radyo at telebisyon
- a. *broadcaster*
  - b. *manager*
  - c. *musician*
  - d. *singer*

## Aralin

# 8

# Wika sa Konteksto ng Radyo at Telebisyon

Bago mo umpisahan ang pagsagot sa modyul na ito, kinakailangan mo munang sagutan ang mahalagang tanong na magpapalawak sa iyong kaalaman at malinang ang kahusayan.



## **Balikan**

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang mga tanong at isulat ang iyong sagot sa nakalaang patlang o kaya’y sa iyong sagutang papel.

1. Bilang isang kabataang Pilipino, bakit kinakailangang hindi lang basta nakapagsasalita ng wika bagkus mas mahalagang nagagamit nang tama ang mga salita lalo na ang gramatika kapag tayo’y nakikipag-usap sa iba?

---

---

---

2. Paano mo maiiwasan at malalabanan ang kumakalat na “*fake news*” lalo na sa *social media*?

---

---


---



### **Mga Tala para sa Guro**

Pagkatapos sagutan ang mga tanong, ihanda ang mga mag-aaral para sa susunod na bahagi ng modyul





## **Tuklasin**

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang kaban ng kaalaman at humanda sa pagsagot sa susunod na bahaging **Pagyamanin**.

### **Angkop na mga Salita Ayon sa Konteksto sa mga Balita sa Radyo at Telebisyon**

Sa makabagong henerasyon, mababatid natin ang mga epekto ng makabagong teknolohiya sa ating wika at kultura. Dahil sa malikhaing pag-iisip at pananaliksik, nakatutuklas ang mga tao ng bagong mga kaalaman tungkol sa teknolohiya tulad ng “*social media*”.

Ang wika ay nagbabago sa kadahilanang ang kinagisnang wika ng mga tao sa panahon ngayon ay nakaayon sa moderno at makabagong panahon. Bawat panahon at pagkakataon ay nagagamit at napauunlad ang wikang Filipino. Kabilang dito, ang paggamit ng mga pinausong lengguwahe tulad ng *Jejemon* at *gay lingo*. Pero kung papansinin natin ang mga kabataan ngayon ay mas tinatangkilik nila ang sikat na sikat na mga salita ngayon na alam na alam nila. *In na in* sila kapag ito ang kanilang ginagamit sa pakikipag-usap para makasabay sa uso.

Sa panahon ngayon, kung ano ang *trending* ay siya namang tatangkilikin at pagpipiyestahan ng mga tao. Sa *broadcasting* ay mas kapani-paniwala ang paggamit ng mga salita sa pagbabalita kung ito’y binibigyan ng buhay ng mga tagapagdaloy at tagapagtaguyod ng programa; sa pagbabalita rin sa radyo ay kinakailangang maging maingat sa paggamit ng mga salita sapagkat nakasalalay sa pagbibitaw ng mga ito ang mas kapani-paniwalang impormasyon na inihahatid sa mga tagapakinig. Minsan nama’y nagiging kontrobersiyal ito kapag mali-mali ang mga pahayag at pangungusap na ginagamit.

Sa pag-usbong ng makabagong henerasyon ay marami na ring pagbabago sa pamumuhay ng mga Pilipino. Naging madali sa atin ang makasagap ng impormasyon sa pamamagitan ng mga social networking site, text message, mass media, newspaper, at marami pang iba. Halimbawa na lamang ang pagkakaroon ng impormasyon ukol sa mga karahasan, mga kalamidad, at iba pang nangyayari sa ating bansa. Dahil nga sa laganap na ang iba’t ibang uri ng media, mabilis tayong magkaroon ng komunikasyon sa ibang tao sa loob at labas ng bansa. Nagiging kapani-paniwala ang pamamahayag na ginagamit sa balita sa radyo at telebisyon kung maayos din ang paraan ng pagkakagamit nito.

Sanggunian:

(<https://obienbangahonbalug.wordpress.com/2016/09/23/ang-epekto-ng-teknolohiya-sa-ating-wika-at-kultura/>)



## ***Suriin***

**Panuto:** Basahing mabuti ang usapan o pahayag na hango mula sa radyo at telebisyon. Palitan nang mas angkop na salita o pangungusap ang makikita mong kamaliang gramatikal sa mga ito. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. *Host:* Balita ko *wall-to-wall* daw ang pag-*design* ng bagong bahay mo.

*Bisita:* Naku hindi naman, sa kisame lang!

Ano ang maaari mong gawin o paano mo babaguhin ang tanong ng *host* para mas maintindihan ito ng bisita at nang masagot niya ito nang maayos?

---

---

---

---

2. *Host:* Isa kang tunay na *superhero*! Biro mo talo mo pa si Superman, na-*save* mong lahat ang mga taong 'yan sa sunog. *Super* galing mo talaga!

*Bisita:* *Presence of mind* lang. Ako pa ba kering-keri naman.

Anong salita ang aayusin mo sa sagot ng bisita para umangkop ang sagot sa tanong?

---

---

---

---

3. *Host:* *Why are you such a big fan o KPOP Group?*

*Bisita:* Kasi, ang giling-giling nila talaga! Bongga!

Anong salita ang aayusin mong sagot ng bisita para umangkop ang sagot sa tanong?


---

---


---

---

**Panuto:** Suriin ang larawan sa loob ng kahon at pagkatapos, sagutin ang mga tanong sa ibaba. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



1. Ano ang maaaring nagaganap sa ipinapahayag ng mga larawan?
2. Magbigay ng programang panradyo at pantelebisyon.




## ***Pagyamanin***

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang sumusunod na pahayag. Isulat ang titik ng piniling sagot sa iyong sagutang papel.

1. Ano ang dapat pag-ingatan sa pagbabalita sa radyo at telebisyon?
  - a. anyo ng balita
  - b. gamit ng salita
  - c. katayuan ng tao
  - d. pangalang binabanggit
2. Paanong paraan napauunlad ng panahon ang wikang Filipino?
  - a. pagkakaroon ng bagong mananakop
  - b. pagpapakalat ng mga balita sa mundo
  - c. pagpapalit ng kahulugan ng salita
  - d. pag-usbong ng bagong wika
3. Ano ang makabagong gamit ng tao sa larangan ng pakikipag-ugnayan sa tao?
  - a. pahayagan
  - b. panayam
  - c. *social media*
  - d. telebisyon

4. Ano ang nangyayari sa isyu kapag nagkamali ng gamit ng salita sa pagbabalita?
  - a. intriga
  - b. kontrobersyal
  - c. nag-aalsa ang tao
  - d. pagkakaisa ng tao
  
5. Kanino o saan mas pinaniniwalaan ang gamit ng salita sa pagpapahayag?
  - a. sa kakilala
  - b. sa kilalang tao
  - c. sa pagbabalita
  - d. sa usapan



## Isaisip

**Panuto:** Sa panahon ngayon, may mga balita sa radyo at telebisyon na naging kontrobersiyal dahil sa ginamit na salita ng mga personalidad na kinapanayam. Basahin mo ang bawat pahayag at sagutan ang mga tanong. Isulat sa nakalaang patlang ang sagot o kaya’y sa iyong sagutang papel.

1. Naging kontrobersiyal at binatikos ng mga netizen ang mga salitang binitawan ng direktor sa pelikulang **“Oro”** na si Alvin Yapan at ng aktres na si Irma Adlawan na nagwagi bilang Best Actress noong 2016 Metro Manila Film Festival dahil di-umano’y pagpatay sa isang aso sa eksena. Sabi ni Direk Alvin Yapan sa interbyu sa GMA News TV na nauunawaan niya na may na-*offend* na mga sektor sa lipunan *“and we apologize for that, totoo ‘yun puwede naman talaga kaming gumamit ng prosthetics kung wala naman talaga kaming nakita na papatay ng aso, that day itself na magsu-shoot kami.”* Kung mabibigyan ka ng pagkakataong maiayos ang sinabi niya, paano mo ito papalitan nang mas angkop na salita o pangungusap para mas maiparating mo ang mensahe nang hindi magagalit sa iyo ang mga taong nanonood sa telebisyon?

---



---



---

([https://www.youtube.com/watch?v=kGhECtm\\_x1M](https://www.youtube.com/watch?v=kGhECtm_x1M))

2. Hindi maiwasang mangamba ng mga magulang ng mga batang naturukan ng Dengvaxia vaccine. Kamakailan lang, naisiwalat na maaaring tamaan ng *severe dengue* ang mga nabakunahan na hindi pa nagkakaroon ng dengue o tinatawag na *'seronegative'*. Ito ay nai-ere noong Enero 16, 2018. Binanggit ng DOH ang


isyu tungkol sa Dengvaxia vaccine, ano sa tingin mo ang dapat nilang sinabi para hindi umani ng mga ganitong batikos hindi lang sa mamamayan ng Pilipinas kundi pati na rin sa ibang bansa?

---

---

---

(<https://www.youtube.com/watch?v=PssRdA-17Vw>)



## ***Isagawa***

Itinuturing na mas malaki ang impluwensiya ng *mass media* sa kasalukuyang panahon lalong-lalo na ang telebisyon.

**Panuto:** Sagutin ang mga tanong para sa mas malawak mong kaalaman sa aralin. Isulat sa nakalaang patlang ang sagot o kaya’y sa iyong sagutang papel.

1. Para sa iyo, pangatuwiranang ang impluwensiya ng *mass media* sa paggamit ng tao ng wika sa lipunan.

---

---

---

2. Ang telebisyon ba at radyo ay isang matinding pangangailangan ng tao sa pagkuha ng mga impormasyon sa araw-araw? Bakit?

---

---

---

3. Paano nakapag-aambag ang balita sa telebisyon o radyo sa wastong gamit ng salita sa pang-araw-araw na pakikisalamuha ng tao sa kanyang kapwa?

---

---

---

4. Maghanap ng isang halimbawa ng “*fake news*”. Bakit mo nasabing “*fake news*” ito? Gamitin ang angkop na mga salita at pangungusap sa pagbabalita upang maging makatotohanan ang “*fake news*” na iyong nabasa, narinig o napanood.

---

---

---



## Tayahin


**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang mga pahayag. Sagutin ang sumusunod na pahayag na batay sa iyong natutuhan bilang kabuuan sa pinag-aralang aralin. Isulat ang titik ng piniling sagot sa iyong sagutang papel.

1. Wikang nakaalinsunod sa 1987 Konstitusyon na ginagamit nang nakararami sa Pilipinas.
  - a. Bekimon Filipino
  - b. Chavacano
  - c. Filipino
  - d. Jejemon
  
2. Ebolusyon ng dating “*swardspeak*” na matagal nang kilala.
  - a. alpabeto
  - b. Baybayin
  - c. Bekimon
  - d. Jejemon
  
3. Nagiging kapani-paniwala ang ginagamit na mga salita sa pagbabalita kung ito’y binibigyang-buhay ng tagapagbalita.
  - a. *broadcasting*
  - b. pagsasalaysay
  - c. pagsulat
  - d. pagtatala
  
4. Ito ay dapat isaalang-alang ng isang tagapakinig ng mga pahayag sa radyo at telebisyon.
  - a. Makabuo ng isang maayos na kuro-kuro.
  - b. May malawak na pananaw o pag-unawa.
  - c. May paninindigan sa isyung pinakikinggan.
  - d. Susuriin nang mabuti ang nilalaman ng napakinggang balita sa radyo bago magbigay nang maayos na opinyon o kuro-kuro.
  
5. Bakit kinakailangang maging mapanuri sa mga salitang ginagamit sa mga balita sa radyo at telebisyon?
  - a. para makaiwas sa mga kamaliang gramatikal
  - b. upang maiwasan ang di-tuwirang pagbibigay ng opinyon
  - c. para maging bukas ang isipan sa pagsusuri sa nilalaman ng mga balita bago humusga sa isyung pinag-uusapan at maiwasan ang kumakalat na *fake news*
  - d. upang maging alisto sa mga nangyayari sa paligid

6. Ano ang ginagamit na *media* na kailangang makinig nang husto para maintindihan ang sinasabi nang hindi nakikitang nagbabalita?
  - a. *cellphone*
  - b. pahayagan
  - c. radyo
  - d. telebisyon
  
7. Paano mapauunlad ng mga balita sa radyo at telebisyon ang wikang Filipino?
  - a. paggamit ng wikang kaiba
  - b. paglikha ng wikang magagamit
  - c. pagpapakalat ng mga balita sa mundo
  - d. pagpapalit ng kahulugan ng salita
  
8. Aling *media* ang maimpluwensiya sa madla na makapagpapakilala ng wikang posibleng magamit sa araw-araw?
  - a. *headphone*
  - b. *microphone*
  - c. radyo
  - d. telebisyon
  
9. Saang bahagi ng balita madalas sabihin ang mga salitang “nagbabagang balita” na maririnig sa *broadcaster*?
  - a. bawat bagong paksa
  - b. kalagitnaan ng balita
  - c. panimula ng balita
  - d. pagtatapos ng balita
  
10. Kanino o saan mas pinaniniwalaan ang gamit ng salita sa pagpapahayag?
  - a. sa kakilala
  - b. sa kilalang tao
  - c. sa pagbabalita
  - d. sa usapan
  
11. Kung madalas mabanggit ang pagbabago-bago ng wika mula sa nakaraan hanggang sa kasalukuyan, ano ang pangunahing paksa ng balita?
  - a. ebolusyon ng wika
  - b. kasalukuyang wika
  - c. limot na wika
  - d. modernong wika
  
12. Alin ang pinag-iingat sa pagsisiwalat ng balita sa radyo at telebisyon?
  - a. gamit ng salita
  - b. pagsasalita ng *broadcaster*
  - c. nilalaman ng balita
  - d. taong may kaugnayan

13. Ano ang ipinahihwatig kapag ang narinig na mga salita sa balita ay agad-agad itong nagagamit?
- maayos ang balita
  - mahusay ang balita
  - maimpluwensiya ang balita
  - matatag ang balita
14. Ito ang salitang maririnig sa nagbabalita kung ang paksa ay *coronavirus*?
- hashtag*
  - quarantine*
  - lookout*
  - buy-bust*
15. Ano ang naitutulong ng paggamit ng angkop na wika sa pagbabalita sa radyo o telebisyon?
- madaling maunawaan
  - maganda sa pandinig
  - magulo ang usapin
  - nagbibigay ng palaisipan





## ***Karagdagang Gawain***


Binabati kita! Natapos mo nang matagumpay ang mga pagsubok sa modyul na ito. Dahil diyan, gusto kitang maging handa sa susunod na pagsubok na iyong kahaharapin. Ngayon pa lamang ay paghandaan mo na kung ano nga ba ang madalas na naririnig na gamit ng salita mula sa pagbabalita sa telebisyon at radyo. Pagtibayin natin ang iyong natutuhan sa gawaing ito.

Panuto: Makinig ng balita sa telebisyon o radyo. Itala ang angkop na mga wikang ginamit sa pagbabalita. Mula sa mga wikang naitala, gamitin ang mga ito sa pagbuo ng sariling balita na kaugnay ng mainit na isyung nagaganap sa lipunan. Gawing gabay ang mga tanong sa ibaba.

- Anong petsa at oras ang balitang napakinggan?
- Tungkol saan ang isyu?
- Saang *broadcasting* narinig ang balita?

### Pamantayan sa pagmamarka:

Paggamit ng wastong salita	30
Angkop na nilalaman	50
Wastong bantas at gramatika	<u>20</u>
Kabuuan	100



## Susi sa Pagwawasto

<p>15. A 14. B 13. C 12. A 11. A 10. C 9. C 8. D 7. B 6. C 5. C 4. D 3. A 2. C 1. C</p> <p><b>Tayahin</b></p>	<p>1. B 2. D 3. C 4. B 5. D</p> <p><b>Pagymanin</b></p>	<p>1. B 2. C 3. D 4. A 5. C 6. C 7. D 8. A 9. B 10. B 11. B 12. A 13. D 14. D 15. A</p> <p><b>Subukin</b></p>
---	---	---

## Sanggunian

<https://obienbangahonbalug.wordpress.com/2016/09/23/ang-epkto-ng-teknolohiya-sa-ating-wika-at-kultura/>

[https://www.youtube.com/watch?v=kGhECtm\\_x1M](https://www.youtube.com/watch?v=kGhECtm_x1M)

<https://www.youtube.com/watch?v=PssRdA-17Vw>

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)